**OFFICE OF THE PRESS SECRETARY**
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH OFFICE OF THE PRESS SECRETARY**
**SECRETARY TRIXIE CRUZ-ANGELES**
**BY ALJO BENDIJO AND ANGELIQUE LAZO – PTV 4**
**JULY 25, 2022**

**LAZO:** Secretary, magandang hapon and welcome.

**SEC. ANGELES:** Magandang hapon din. You look beautiful today.

**LAZO:** Thank you, and so do you.

**SEC. ANGELES:** Ang ganda naman ng suot natin.

**LAZO:** Salamat.

**SEC. ANGELES:** At ang guwapung-guwapong si Aljo. Kumusta?

**BENDIJO:** Okay Lang po, ma'am. Sec, ngayong ibinalik na ang Office of the Press Secretary (OPS), ano na po ang mga improvements na ipatutupad sa inyong tanggapan po? At may nakalaan po ba kayong programa para mapalakas pa ang information dissemination sa mga plano at programa ng Marcos Administration, ma'am?

**SEC. ANGELES:** Well, sa ngayon, alam naman natin na mayroon tayong Executive Order #2. At doon sa Executive Order #2 ay na-streamline iyong opisina. Mayroong mga certain agencies such as the Philippine Information Agency na bumalik na po sa Office of the President. Ang RTVM po ay napunta na sa PMS, sa Presidential Management Staff; and then, of course, I retained PTV, IBC, PNA, Broadcast Services which is masigasig nating RP1 and Radyo Pilipinas, primarily. So we have a tighter ship, kumbaga. So, iyon iyong first na nakikita natin, major improvement and thank you to the President for streamlining the office. So, right now, all we have to do is fill-up the staffing pattern and see what we can do with what we already have.

So, magagaling naman, kasi very talented iyong mga tao sa office, plus we are bringing in a young and exciting team. So, we are going to see how we can make this an exciting administration.

**LAZO:** Synergy of all.

**SEC. ANGELES:** Yes.

**LAZO:** Mamayang kaunti lamang, maririnig na po natin ang talumpati po ni Pangulong Marcos. Anu-ano po kaya ang maaaring asahan sa kaniya pong kauna-unahang SONA?

**SEC. ANGELES:** Well, of course, as you know, the State of the Nation Address, the President had talked to the various officials; he had talked to the Secretaries of the agencies that are his primary concern. So, na-assess na iyong mga ahensiya na ito at alam na ng Presidente ang estado, hindi lang ng mga departamento but ng mga kailangan ayusin at kailangang puntiryahin sa administrasyon na ito.

So, makikita na rin natin kung ano ang proposed niya na mga solusyon para doon sa mga problema now that an accurate assessment or a more updated, kumbaga, assessment has been made of this department.

**BENDIJO:** Opo. Sec, maaari po ba ninyong ibahagi sa amin kung papaano po pinaghandaan ng Pangulong Marcos Jr., ang kaniyang kauna-unahang State of the Nation Address, ma'am?

**SEC. ANGELES:** Well, as far as I know, you know the President writes his own speeches, alam naman ninyo iyon. Well, ang pinapaghandaan noon ay iyong pagkuha niya ng mga input doon sa iba't ibang mga kalihim ng iba't ibang ahensiya ng gobyerno. So, sa ilang mga Cabinet meetings at saka sa ilang beses niyang kinausap ang mga namumuno sa mga ahensiya na ito, lalung-lalo na iyong mga bagong in-appoint niya, iyong mga tao and he got the inputs and now he has an accurate, kumbaga, alam na niya iyong mga precise na ipupuntirya niya.

If the inaugural address was conceptual – he is talking about plans in broad strokes, the SONA is supposed to deal with more specific problems.

**LAZO:** Finally, bilang bagong kalihim po ng OPS, ano po ang mensahe ninyo para sa ating mga mamamayan?

**SEC. ANGELES:** Well, ito po ang kauna-unahang SONA natin, and I am very happy to see so many people interested in what our President has to say. But we can guarantee you that the President brings fresh perspective and an exciting youthfulness to his administration, so antabayanan natin. The President has always—he talks simply but very eloquently. And this is what we can expect from the speech na ito.

**LAZO:** Singit ko na lang, one last question, Secretary Trixie. Who made your fabulous attire?

**SEC. ANGELES:** This is Dobie Aranda.

**LAZO:** Thank you so much for spending time with us today.

**BENDIJO:** Thank you, ma'am.

**SEC. ANGELES:** Thank you for having me.

##

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*